



Sheryl L. Spiller
Director

MGA KATOTOHANAN SA PROGRAMA NG SALAPING TULONG PARA SA MGA IMIGRANTE

Ang Programa ng Salaping Tulong para sa mga Imigrante (CAPI), isang programang pinondohan ng Estado, ay ipinatupad noong Nobyembre 1, 1998 bilang resulta ng Panukalang Batas ng Kapulungan 2279. Ito ay dinisenyo upang magbigay ng buwanang mga benepisyong pananalapi para sa mga matatanda, bulag at may kapansanang mga di-mamamayan na di-karapat-dapat para sa Karagdagang Kitang Panseguro/Karagdagang Kabayaran ng Estado (SSI/SSP) nang dahil lamang sa kanilang katayuan sa imigrasyon. Ang mga kalahok ng CAPI ay maaaring maging karapat-dapat sa CalFresh, Medi-Cal, In-Home Supportive Services, at iba pang mga tulong na pampubliko. Dapat silang mag-aplay nang hiwalay para sa bawat benepisyo.

MGA PATAKARAN SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT

Upang maging karapat-dapat para sa CAPI, kailangang kumpletuhin ng isang tao ang proseso ng aplikasyon sa CAPI at matugunan ang lahat ng mga sumusunod na mga kailanganin:

- Di-mamamayan, na nakakatugon sa angkop na katayuan sa imigrasyon
 - Kwalipikadong Imigrante – isang dayuhan na tinanggap ayon sa batas para sa permanenteng paninirahan sa Estados Unidos
 - Imigrante na PRUCOL – isang dayuhan na permanenteng naninirahan sa Estados Unidos sa ilalim ng Kulay ng Batas
- Nasa edad na 65 o mahigit, bulag at baldado gaya ng ipinaliwanag para sa mga layunin ng SSI/SSP – Ang California Disability Determination Service Division (DDSD) ang may pananagutan sa paggawa ng pagpapasiya sa lahat ng pagiging bulag at pagkakaroon ng kapansanan para sa CAPI.
- Mamamayan ng California – Walang panahon ng paninirahan ang kinakailangan; gayunpaman, kung ang isang tao ay pisikal na wala sa California nang mahigit sa 90 araw, ang kawalan ay isasaalang-alang na ebidensiya upang abandunahin ang paninirahan sa California.
- Ang mga pinagkukunan ay mababa kaysa sa pinahihintulutang limitasyon
 - \$2,000 para sa isang indibidwal
 - \$3,000 para sa dalawa

MGA PATAKARAN SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT (Karugtong)

- Ang kinikita ay mas mababa kaysa sa Pamantayan ng Kabayaran ng CAPI, na kung saan ay mas mababa sa Pamantayan ng Kabayaran ng SSI/SSP
 - Mas mababa sa \$10.00 para sa indibidwal
 - Mas mababa sa \$20.00 para sa dalawa
- Hindi karapat-dapat para sa SSI/SSP dahil lamang sa kanyang katayuan sa imigrasyon – Ang pagiging di-karapat-dapat ay dapat na mapatunayan sa pamamagitan ng pormal o impormal na liham ng pagtanggap mula sa Social Security Administration pagkatapos ng Agosto 1, 1998 at sa loob ng anim na buwan ng aplikasyon sa CAPI na nagsasaad na ang tao ay hindi karapat-dapat para sa SSI/SSPI dahil sa katayuan sa imigrasyon.

PAGIGING DI-KARAPAT-DAPAT PARA SA CAPI

Ang isang tao ay hindi karapat-dapat para sa CAPI kung sila ay:

- Isang Mamamayan ng U. S.
- Isang residente ng isang pampublikong institusyon nang hindi bababa sa 30 magkakasunod na araw
- Isang tumatakas na kriminal/Lumalabag sa parol
- Nasa labas ng California nang hindi bababa sa 30 magkakasunod na araw

MGA PATAKARAN SA ITINUTURING NA ISPONSOR

- Isama ang pagbibilang ng kita at mga napagkukunan ng isponsor bilang pag-aari ng mga kalahok sa CAPI
- Nalalapat nang hindi alintana kung o hindi ang isponsor ay aktwal na nagbibigay ng anumang suporta sa kalahok ng CAPI
- Nalalapat para sa 10 taon mula sa petsa ng pagpapatupad ng sinumpaang pahayag ng isponsor o sa petsa ng pagdating sa Estados Unidos ng kalahok ng CAPI, alinman ang nahuli

IKSEMAYON SA ITINUTURING NA ISPONSOR

| | |
|--|--|
| Lumang Sinumpaang Pahayag: Pormularyong I-134 na iniharap bago Disyembre 19, 1997 | Bagong Sinumpaang Pahayag: Pormularyong I-864 na iniharap sa o pagkalipas ng Disyembre 19, 1997 |
| <ul style="list-style-type: none">➤ Pumanaw ang isponsor➤ Mga Kalahok sa CAPI:<ul style="list-style-type: none">• Nanirahan sa Estados Unidos nang 3 taon magmula sa petsa ng pagpasok para sa pagiging permanenteng residente• Naging bulag o baldado pagkatapos na makapasok sa estados Unidos• Nakapasok nang hindi ayon sa batas para sa permanenteng paninirahan• Biktima ng Pang-aabuso ng isponsor o ng asawa ng isponsor | <ul style="list-style-type: none">➤ Pumanaw ang isponsor➤ Mga kalahok sa CAPI:<ul style="list-style-type: none">• Naging mamamayang naturalisado• Nabigyan ng kredito na 40 sangkapat sa kasaklawan ng Seguro Sosyal• Biktima ng pang-aabuso at nakatira sa sa ibang sambahayan maliban sa nang-aabuso• Natugunan ang pamantayan para sa iksemayon |

IKSEMSIYON DAHIL SA KAHIRAPAN

Ang iksemsiyon dahil sa kahirapan ay nalalapat sa 12-buwang tagal ng panahon. Ang panahon ay nagsisimula tuwing ang **lahat** ng mga kondisyon ay natutugunan at tumatagal ng 12 magkakasunod na buwan (kabilang ang buwan ng hindi pagbabayad).

| | |
|---|---|
| Ang iksemsiyon dahil sa kahirapan ay nararapat kapag ang lahat ng mga sumusunod ay natutugunan: | Ang iksemsiyon dahil sa kahirapan ay hindi nararapat kapag ang isa sa mga sumusunod ay nagaganap: |
| <ul style="list-style-type: none">➤ Ang itinuturing na isponsor ay naging sanhi sa pagtanggì, pagsuspende, o pagbabawas ng mga benepisyong CAPI➤ Ang kalahok sa CAPI ay hindi nakakakuha ng pagkain at kanlungan➤ Ang kalahok sa CAPI ay nagkumpleto at lumagda ng Pahayag ng Iksemsiyon Dahil sa Kahirapan ng CAPI (SOC 809)➤ Ang manggagawa ay nagpasiya na ang iksemsiyon ng kahirapan ay nararapat | <ul style="list-style-type: none">➤ Ang kalahok sa CAPI ay nakatira kasama ng kanyang isponsor➤ Ang kalahok sa CAPI ay nakatira sa isang tao maliban sa isponsor at tumatanggap ng libreng pangangasera. |

PROSESO NG APLIKASYON

Kahit na maaaring iharap ang mga aplikasyon sa CAPI sa alinmang tanggapan ng distrito ng DPSS, iminumungkahi na ang mga aplikasyon na ito ay maiharap sa:

Metro North District Office #38
(CAPI Centralized Office)
2601 Wilshire Boulevard
Los Angeles, CA 90057
(213) 639 – 5407

Ang mga kalahok sa CAPI na inaalagaan sa bahay o nasa pangangalaga sa tahanan ay maaaring tumawag sa mga sumusunod na mga numero ng telepono sa Customer Service Center upang makatanggap ng aplikasyon sa pamamagitan ng koreo:

- (866) 613 – 3777
- (626) 569 – 1399
- (310) 258 – 7400
- (818) 701 – 8200